


# Ang pagkain ng tao ay hindi pagkain ng baboy

Ang pagkain o mga tira-tirang pagkain na dumampi sa mga lamang-hayop o may lamang-hayop tulad ng karne at mga produktong karne ay hindi dapat ipakain sa mga baboy.

**Ang pagpapakain ng mga produktong karne sa mga baboy ay labag sa batas sa lahat ng mga estado at teritoryo. Ang mga paghihigpit na ito ay para sa LAHAT ng mga baboy, kabilang ang mga alagang hayop sa bahay.**

Pinakamabuting pakainin ang mga baboy ng mga nabibiling pagkaing-baboy.

## Mga pagkain na hindi dapat ipakain sa mga baboy

Ang mga pang-sambahayan, pang-komersyal, pang-supermarket o pang-industriyang basurang pagkain kabilang ang pagkain sa restoran, mga itinatapon mula sa tindahan ng karne at panaderya na may lamang karne, mga produktong karne, itlog, ilang mga produktong gatas, o anumang bagay na dumampi sa mga nakalistang ito ay hindi dapat ipakain sa baboy.

Kabilang sa mga halimbawa ang mga tira-tirang pagkain sa hapag-kainan, meat pie, sausage roll, bacon at cheese roll, Cesar salad na may pira-pirasong bacon, karne sa deli, itlog, gatas o produktong gatas na hindi nagmula sa Australya o ilegal na inangkat sa Australya, at untreated na ginagamit na langis at mantika. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga by-product ng baboy, bisitahin ang business.qld.gov.au.

Bukod pa rito, anuman na dumampi sa mga produktong karne sa pamamagitan ng koleksyon, imbakan o transportasyon sa kontaminadong mga

lalagyan tulad ng mga tray ng karne at takeaway na mga lalagyan ng pagkain, ay hindi dapat ipakain sa mga baboy.

## Itapon ang basurang pagkain nang responsable

Ang mga negosyo na naghahanda at nagbebenta ng pagkain ay may tungkulin na itapon nang maayos ang basurang pagkain. Ang basurang pagkain ay dapat ilagay sa angkop na basurahan para sa koleksyon at pagtatapon. Kasama rin dito ang mga tira-tirang pagkain mula sa bahay.

**Ang mga produktong karne ay maaaring may malubhang mga virus na maaaring ipasa sa baboy sa pamamagitan ng pagpapakain — kabilang dito ang African swine fever.**

Ang virus na African swine fever ay maaaring manatili sa pagkain kahit matapos palamigin, ilagay sa freezer, o iluto nang kulang sa oras.

Ang virus ay maaaring makapasok sa Australya sa pamamagitan ng iligal na pag-angkat ng mga produktong karne o produktong gatas. Ang mga baboy na pinakain ng kontaminadong pagkain o nakakalapit at nakakakain ng kontaminadong basurang pagkain ay maaaring mahawaan.

## Pangalagaan ang industriya ng baboy

Kung ikaw ay naghihinala na isinusuplay ang pagkain na may mga produktong karne sa mga may-ari ng babuyan o ang karne ay ipinapakain sa mga baboy, kontakin ang **Biosecurity Queensland** sa **13 25 23.**

Ang pagpapakain ng karne sa mga baboy o pag-suplay ng mga produktong karne sa isang tao upang ipakain sa mga baboy ay maaaring pagmultahan ng hanggang sa $53,380. Sa mga kaso kung saan alam ng isang tao na ito ay labag sa batas ngunit pinili pa rin niyang gawin ito, maaaring magpataw ng multa na hanggang sa $400,350 o 3 taon na pagkabilanggo.

## Gusto mo bang malaman ang higit pa?

Tumawag sa 13 25 23 o bisitahin ang **qld.gov.au/AfricanSwineFever**

**Kung nag-aalaga ka ng baboy, ikaw ay dapat na nakarehistro bilang isang entidad ng biosecurity. Bisitahin ang qld.gov.au/BiosecurityRegistration upang malaman ang higit pa.**